


Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Paggawa ng Paper Beads



**Arts – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Paggawa ng Paper Beads
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Anabel C. Abenoja
Editor: Eden Lynne V. Lopez, Ana Lou R. Montilla
Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon
Tagaguhit:
Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Edsel D. Doctama
Tagapamahala: Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Arts

Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Paggawa ng Paper Beads

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang mga paper beads ay likhang-sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay. Ang paggawa ng paper beads ay isang mabisang paraan upang mapakinabangang muli ang mga lumang diyaryo, magasin, at makukulay na papel. Maaari itong gawing palamuti o dekorasyon sa ating tahanan at higit sa lahat maaari din itong pagkakikitaan.

Sa modyul na ito, inaasahan na makamit mo ang mga sumusunod na layunin:

1. Nakalilikha ng paper beads na may malikhaing disenyo at iba't ibang kulay na gawa sa mga lumang magasin at makukulay na papel para sa paggawa ng kuwentas, bracelet o panabit ng ID (A5PR-IVh)
2. Nakasusunod sa wastong hakbang sa paggawa ng paper beads.
3. Naipagmamalaki ang mga nabuong obrang paper beads na maaaring pagkakikitaan o gawing pangkabuhayan.



Subukin

A. Panuto: Punan ng wastong sagot ang pahayag. Piliin sa kahon at isulat ang titik ng wastong sagot.

a. Metropolitan Museum	b. disenyo	c. Kabuhayan
d. ritmo o maayos na indayog	e. lumang diyaryo o magasin	

1. Ang mga kuwentas, pulseras, hikaw, at singsing at tinatawag na pansariling _____.
2. Ang sining ay maaaring makatulong sa pagpapayaman ng kakayahan at _____.
3. Ang Ayala Museum at _____ ay mga institusyong nangangalaga sa mga sinaunang ginto ng Pilipinas.
4. Ang pangunahing gamit sa paggawa ng mga paper beads ay _____.
5. Ang maayos na ugnayan ng hugis at kulay sa mga pansariling palamuti ay nagpapakita ng _____.

B. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang TAMA sa tapat ng bilang kung ang sinasaad nito ay katutohanan at MALI naman kung hindi.

- _____ 6. Ang mga paper beads ay likhang-sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay.
- _____ 7. Ang pangunahing materyal sa paggawa ng paper beads ay mga lumang plastic.
- _____ 8. Ang paggawa ng mga paper beads ay isang mabisang paraan upang mapakinabangang muli ang mga lumang diyaryo, magasin, at makukulay na papel.
- _____ 9. Hindi magagamit na pangkabuhayan ang paggawa ng mga paper beads.
- _____ 10. Ang mga bagay na makikita sa paligid o pamayanan ay maaaring gamitin sa paggawa ng paper beads.

Aralin

1

Paggawa ng Paper Beads

Sa paggawa ng pansariling disenyo ng paper beads, mahalaga ang kakayahang malikhain.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. Ano ang huling obra na ginawa mo mula sa paper beads?

_____.

2. Ano ano ang materyales na ginagamit mo sa paggawa o pagbuo nito?

_____.



Tuklasin

CROSSWORD PUZZLE

Panuto: Hanapin at bilugan ang mga materyales o kagamitan sa paggawa ng paper beads.

P	A	P	E	L	O	S	E	R	G
A	C	V	I	M	E	L	U	U	N
N	B	A	L	A	P	I	S	L	I
D	A	R	T	G	I	H	T	E	T
I	S	N	U	A	N	A	I	R	N
K	U	I	D	S	A	P	C	V	U
I	R	S	L	I	H	Q	K	B	G
T	A	H	I	N	M	O	X	I	Y



Suriin



Ang sining ng paggawa ng mga pansariling palamuti ay nauugnay sa nakaraang panahon bago pa man dumating ang mga Espanyol sa ating bansa. Ang mga sinaunang gintong alahas ng Pilipinas na natagpuan dantaon na ang nakalipas sa bansa ay makikita ngayon sa *Ayala Museum* at *Metropolitan Museum*. Ang mga ito ay isang pagpapatunay sa pagiging malikhain at magaling sa sining ng mga katutubong Pilipino.


Ang mga sinaunang gintong alahas ay nagpapakita nang masinsinang pagkakagawa pagkakagawa nito. Ang ilan ay gawa sa butil-butit na ginto o di kaya'y hinabing parang hiblang manipis. Mayroon ding mga alahas na nagpapakita ng kakayahan ng pinaghalong ukit at panday ng mga hugis sa pagdisenyo ng hikaw, pulseras at iba pang mga pansaraling palamuti.

Ang mga paper beads ay likhang-sining na ginagamitan ng mga pinulupot na papel na may iba't ibang hugis at kulay.

Ang paggawa ng mga paper beads ay isang mabisang paraan upang mapakinabangang muli ang mga lumang diyaryo, magasin, at makukulay na papel. Maari itong gawing palamuti o dekorasyon sa ating tahanan at higit sa lahat, maaari rin itong pagkakikitaan.

Sa pagbuo nito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pag-ikid sa ting-ting ng iba't-ibang luma at makukulay na papel na matatagpuan natin sa ating paligid at sariling pamayanan.

Sa pamamagitan ng gawaing sining na yari sa papel, mapayayaman natin ang ating imahinasyon sa paggawa ng paper beads.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Tingnan ang mga halimbawa ng kwentas, hikaw at bracelet na yari sa paper beads. Pumili ng disenyo. Gamit ang mga sumusunod na materyales, sundin ang wastong mga hakbang sa paggawa nito:



Mga Kagamitan:

- Makulay na papel o lumang magasin
- Gunting
- Pandikit
- Varnish
- Barbeque stick
- Protective mask

Mga Hakbang sa Paggawa:

1. Gumupit ng mga hugis tatsulok mula sa makukulay na papel o lumang magasin na may 1" by 4" (2.5 cm x 10 cm) na tatsulok.
2. Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok.
3. Ipulupot ang papel sa barbeque stick. Panatilihin ang tatsulok sa gitna habang ipinupulupot.
4. Higpitan ang pagpupulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
5. Kapag tapos ng ipulupot, pahiran ang kabilang dulo ng tatsulok.
6. Lagyan ng varnish upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng protective mask upang hindi malanghap ang varnish.
7. Suriin ang nilikhang sining gamit ang rubrik.

Rubrik sa paggawa ng paper beads

Sukatan	Mga Nakalaang Iskor		
	5	3	1
Pagkahalintulad <i>(Accuracy/ Similarity of the drawing to actual landscape)</i>	Sadyang kahalintulad ng landscape ang naiguhit	Malinaw na hindi gaanong magkahalintulad sa landscape na iginuhit	Halatang hindi magkahalintulad sa landscape na iginuhit
Masining na Pamamaraan <i>(Proper application and identification of color harmony and details; background, middle ground, and foreground)</i>	Sadyang halata sa paningin ang mahusay na paggamit ng kulay upang mabigyang diin ang mga detalye sa <i>background, middle ground, at foreground.</i>	Hindi gaanong nabigyang-diin ang mga detalye sa <i>background, middle ground, at foreground</i> dulot ng hindi gaanong maayos na paggamit ng kulay.	Halatang hindi nabuo sa obrang/sining natapos ang inaasahang pagbibigay-diin sa detalye ng <i>background, middle ground, at foreground.</i>
Kalanasan <i>(General Appearance)</i>	Sadyang maganda at malinis ang buong sining.	Hindi gaanong kaaya-ayang tingnan ang nabuong sining. may mga bahagi ng nabuong sining na marumi at may di kaaya-ayang mantsa.	Halatang hindi kaaya-ayang tingnan ang nabuong sining. Malinaw na hindi binigyang halaga ang binuong sining dahil sa labis na dami ng mga maruruming bahagi nito.

Gawain 2

Panuto: Pag-aralan ang mga hakbang na nasa loob ng kahon. Pagsunod-sunurin ito ayon sa tamang hakbang sa paggawa ng paper beads. Isulat sa patlang ang bilang 1-7 ng iyong sagot.

- _____ Suriin ang nilikhang sining gamit ang rubrik.
- _____ Lagyan ng varnish upang kumintab at hayaang matuyo. Siguraduhing magsuot ng protective mask upang hindi malanghap ang varnish.
- _____ Kapag tapos ng ipulupot, pahiran ang kabilang dulo ng tatsulok
- _____ Higpitan ang pagpupulupot sa papel kung nais na maging matibay ang beads.
- _____ Ipulupot ang papel sa barbecue stick. Panatilihin ang tatsulok sa gitna habang ipinupulupot
- _____ Lagyan ng glue o pandikit ang magkabilang dulo ng tatsulok
- _____ Gumupit ng mga hugis tatsulok mula sa makukulay na papel o lumang magasin na may 1" by 4" (2.5 cm x 10 cm) na tatsulok.

Gawain 3

Panuto: Paano mo maipagmamalaki ang mga nabuong obrang paper beads na maaaring pagkakitaan o gawing pangkabuhayan?



Isaisip

Ang natutuhan ko sa modyul na ito ay _____



Isagawa

Panuto: Alinsunod sa iyong natutuhan sa modyul na ito, gumawa ng sariling disenyo mula sa paper beads. Maaaring ito ay isang pulseras, kuwentas, o pagsabitan ng ID. Laging isaalang-alang ang kaligtasan sa paggamit ng mga materyales.

Sumangguni sa rubriks para sa kaukulang puntos sa pahina 4.



Tayahin

I. Panuto: Piliin at isulat ang titik ng wastong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang mga sumusunod ay halimbawa ng ginawa at tinuhog na beads na maaaring gawing palamuti sa katawan at sa bahay maliban sa isa, alin dito?
A. pulseras B. plorera C. kuwentas D. kurtina
2. Alin sa ibaba ang mga kagamitan sa paggawa ng paper beads?
A. papel, pandikit, lapis, ruler C. papel, pandikit, kutsilyo, lapis
B. lapis, ruler, pandikit, brush D. brush, barnis, bolpen, sinulid
3. Alin sa ibaba ang gagamiting pangkintab sa paggawa ng beads?
A. pandikit B. barnis C. brush D. kahoy na dowel
4. Ang _____ ay ginagamit upang mairolyo nang maayos ang papel.
A. pandikit B. brush C. barnis D. patpat na kahoy
5. Ang pagbibilot o pagrorolyo ng maliliit na papel upang makalikha ng beads ay nangangailangan ng_____
A. sipag at tiyaga C. talino at kasanayan
B. bait at sipag D. wala sa nabanggit

II. Panuto: Isulat ang wastong hakbang sa paggawa ng paper beads. (6-10).



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng iba pang disenyo ng pulseras, kuwentas o ID sling na gawa sa paper beads. Maaaring videohan o idokyumento ang proseso sa paggawa nito. Pagkatapos ay gumawa ng isang maikling video clip na nagpapakita ng pagpapahalaga sa paggamit ng recycled na kagamitan at panghihikayat sa manonood na gumawa ng malikhaing disenyo gamit ang paper beads upang gawing pangkabuhayan. Sumangguni sa iyong guro ukol sa pagpost nito sa social media.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

I.

1. B
2. A
3. B
4. D
5. A

II. Varied Answers

Pagymanin

Gawain 1

Rubriks

Gawain 2

- 1
- 5
- 2
- 3
- 4
- 6
- 7

Gawain 3

Varied Answers

Tayahin

T	A	H	I	N	O	X	I	Y	
I	R	S	L	I	H	D	K	B	G
K	U	I	D	S	A	P	C	V	U
I	S	N	U	A	N	A	I	R	N
D	A	R	T	G	I	H	T	E	T
N	B	A	L	A	P	I	S	L	I
A	C	V	I	M	E	L	U	U	N
P	A	P	E	L	O	S	E	R	G

Subukin

1. B
2. C
3. A
4. E
5. D
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. MALI
10. TAMA

Sanggunian

Hazel P. Copiaco at Emilio S. Jacinto. Halinang Umawit at Gumuhit 5 Textbook. Vibal Group Incorporated. 2016. Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines. p. 160 – 163

Handaculture. 2017. "File:Paper Beads.Jpeg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*.
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper_beads.jpeg. Accessed 9 December 2020.

Orasanu, carmen. 2011. "Paper Beads Necklace And Earrings". *Flickr*.
<https://www.flickr.com/photos/carmenorasanu/6195711013/in/photostream/>. Accessed 9 December 2020.

Knerq. 2011. "File:Paper To Pearls Double Strand Necklace.Jpg - Wikimedia Commons". *Commons.Wikimedia.Org*.
https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Paper_to_Pearls_double_strand_necklace.jpg. Accessed 9 December 2020.

"Free Images : Nail, Street Fashion, Hand, Fashion Accessory, Jewellery, Arm, Finger, Design, Neck, Textile, Scarf, Tradition, Pattern, Wrist, Stole, Dress, Bangle, Peach, Necklace 6000X4000 - - 1522493 - Free Stock Photos - Pxhere". 2018. *Pxhere.Com*. <https://pxhere.com/en/photo/1522493>. Accessed 23 March 2021.

2021. Accessed March 23. <https://www.piqsels.com/en/public-domain-photo-zdmes>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph